Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga Paghuhugas ng Kotse

Kamakailang mga Pagbabago:

12/2/20: (Mga pagbabago ay naka-highlight sa dilaw)

- Ang mga pantakip sa mukha ay dapat na isuot ng mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko, kabilang ang mga kubiko na nilagyan ng mga partisyon. Ang mga panlabas na palanguyan (outdoor swimming pools) ay maaaring buksan lamang para sa regulated lap na paglalangoy (isang manlalangoy bawat linya). Ito ay isang pansamantalang hakbang bilang pagtupad sa pansamantalang UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN na inilabas noong Nobyembre 28, 2020. Ang pag-aatas (requirement) ay epektibo mula 12:01 AM (PST) sa Nobyembre 30, 2020 hanggang 11:59 PM (PST) sa Disyembre 20, 2020.
- Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, ang mga empleyado ay dapat na magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa ibang mga tao at dapat na gawin ito pag nasa labas, kung maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom).

11/28/20:

- Ang mga pangangalakal ng kotse (car dealerships) ay limitado sa 35% ng pinakamaraming panloob na pag-okupa alinsunod sa Pansamantalang Nakatuon sa Mas Ligtas sa Tahanan na Utos para sa Pagkontrol sa COVID-19 , epektibo 12:01 a.m. sa Nobyembre 30, 2020 hanggang 11:59 p.m. sa Disyembre 20, 2020.
- Binago para atasan na ang mga pag-iskrin o pagsusuri ay kabilangan ng isang pagtsek kung ang indibidwal ay sumasailalim kasalukyan sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Pampublikong Kalusugano DPH) ay nananawagan sa publiko, sa lahat ng mga may-ari ng negosyo at sa mga organisasyon sa komunidad na tumulong pabagalin ang pagkalat ng COVID-19 sa Los Angeles County.

Para tugunan ang kasalukuyang pag-akyat ng mga kaso ng COVID-19 sa LA County, ang Pampublikong Kalusugan ay hinihiling sa lahat ng mga negosyo at institusyon na gawin ang mga naaaangkop na hakbang para lalong limitahan ang mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga hindi miyembro ng sambahayan, hikayatin ang paggamit ng mga pantakip sa mukha at sundin ang mga pag-iingat sa pagkontrol ng impeksyon. Ang mga sumusunod na isyu ay kritikal at dapat na tugunan para masiguro na nananatiling nababawasan ng mga manggagawa at mga konsyumer ang panganib ng pagkalat habang tayo ay nagbabago papunta sa isang mas bukas na yugto:

(1) Pagpoprotekta at pagsuporta sa kalusugan ng empleyado at kostumer

(2) Pagsisiguro sa naaangkop na pisikal na pagdistansya (physical distancing)

(3) Pagsisiguro sa wastong pagkontrol ng impeksyon

(4) Pakikipag-usap sa publiko

(5) Pagsisiguro ng pantay-pantay na akses (equitable access) sa mga serbisyo

Ang limang mga pangunahing na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang

anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Ang lahat ng mga negosyo ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo.

Pangalan ng Negosyo: _____

Addres ng Pasilidad: _____

Pinakamaraming okupante, kada 35% ng Limitasyon sa Pag-okupa: _____

Tinatayang kabuuan sa talampakang kuwadrado ng espayo na bukas sa publiko: _____

A. MGA PATAKARAN AT PAGSASANAY SA LUGAR NG TRABAHO (WORKPLACE/WORKSITE) PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (I-CHECK ANG LAHAT NA NAAANGKOP SA PASILIDAD)
☐ Lahat ng maaring magsagawa ng kanilang mga tungkulin sa trabaho mula sa bahay ay inaatasan na gawin ito.
☐ Ang mga kawaning mahihina sa sakit (mga taong higit sa 65 ang edad, mga buntis, at mga may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay bibigyan ng trabaho na maaring gawin mula sa bahay hangga't maaari, at dapat na talakayin ang anumang mga pagkabahala sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o mga serbisyo sa katungkulang pangkalusugan (occuptational health services) upang makagawa ng mga wastong desisyon sa pagbalik sa lugar ng trabaho.
☐ Binago ang mga proseso sa trabaho hangga't sa maaari upang maparami ang mga oportunidad para sa mga empleyado na makapagtrabaho mula sa bahay.
☐ Mga karagdagang proteksyon ay ipinagkaloob tulad ng mga paglilipat sa tungkulin sa trabaho na nagpapahintulot sa mga bulnerableng empleyadong na magtrabaho mula sa bahay.
☐ Salit-salitan, halinhinan o shift na mga oras ng trabaho ay pinasimulan upang mapakinabangan ang pisikal na pagdistansya (physical distancing).
☐ Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may sakit o nalantad sa isang tao na may COVID-19. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng DPH para sa sariling pagbubukod, kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri na at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit. ○ Ipinagkaloob sa lahat ng mga empleyado ang impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon na itinaguyod ng amo/employer o gobyerno na maaaring makuha ng empleyado na gagawing pinansyal para mas madali ang pananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng Families First Coronavirus Response Act at mga karapatan ng empleyado sa mga benepisyong kompensasyon ng manggagawa at pagpapalagay ng pagiging may kaugnayan sa trabaho ng mga

pagkakakalantad sa COVID-19 na naganap sa pagitan ng Marso 19 at Hulyo 5 alinsunod sa Executive Order N-62-20 ng Gobernador.

- Sa oras na napagbigay-alam na ang isa o higit pang mga empleyado ay nasuring positibo para sa, o nagkaroon ng mga sintomas na patuloy na tumutugma sa COVID-19 (kaso), ang amo o employer ay may plano o protokol na inihanda upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan ng agarang pagbubukod sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho. Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na nakabukod na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 upang matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan sa pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho.

- Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat iulat ang pagkalat na ito sa DPH sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon sa pasilidad.

- Ang mga pagsusuri sa empleyado (employee screenings) ay maaaring isagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado. Ang mga pagsusuri ay dapat isama ang isang pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.

- Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip sa mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may one-way valves ay hindi dapat gamitin. Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip sa mukha kapag ang empleyado ay mag-isa sa isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.

- Bilang pagtupad sa UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN PARA SA PAGKONTROL NG COVID 19: TIER 1 MALAKING PAGTUGON SA PAGTAAS (NG KASO) na inilabas noong Nobyembre 28, 2020, ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga pantakip sa mukha sa lahat ng oras maliban kung nagtatrabaho mag-isa sa mga pribadong opisina na sarado ang mga pintuan o kapag kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may mga solidong partisyon na lumalagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang bisa sa panahong epektibo ang pansamantalang utos, mula 12:01 AM (PST) sa Nobyembre 30, 2020 hanggang 11:59 PM (PST) sa Disyembre 20, 2020.

- Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot nang tuloy-tuloy at tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin nang ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao, kung maaari.

Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa

☐ Ang mga empleyado ay inaatasan na labhan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip sa mukha (face coverings).

☐ Ang lahat ng indibidwal na estasyon ng trabaho ay pinaghihiwalay ng hindi bababa sa anim na talampakan.

☐ Ang mga panandaliang pahinga sa trabaho (break) ay halin-hinan para masiguro na ang pisikal na pagdistansya ay napapanatili sa mga silid sa panandaliang pamamahinga (break room).

☐ Ang lahat ng mga empleyado, tagapagtinda at tauhan sa pagdedeliber ay binigyan ng mga instruksyon tungkol sa pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya at paggamit ng pantakip sa mukha kapag nasa paligid ng ibang tao.

☐ Ang mga silid sa panandaliang pamamahinga, mga banyo, at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay madalas na dinidisimpekta, sa sumusunod na oras:

- Mga silid sa panandaliang pamamahinga _____
- Mga banyo _____
- Iba pa _____

☐ Ang pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

_____

☐ Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

_____

☐ Ang sabon at tubig ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

_____

☐ Ang mga empleyado ay pinapayagan ng madalas na pagtigil sa trabaho para hugasan ang kanilang mga kamay.

☐ Ang bawat manggagawa ay binigyan ng kanilang mga sariling kasangkapan (tools), kagamitan at tukoy na espasyo ng trabaho. Ang pagsasalo-salo sa mga espasyo ng trabaho at mga nahahawakang bagay ay binawasan o tinanggal.

☐ Ang mga kopya ng Protokol na ito ay naipamahagi na sa lahat ng mga empleyado.

☐ Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

_____

B. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA (I-CHECK ANG LAHAT NA NAAANGKOP SA PASILIDAD)

☐ Ang pag-okupa sa alinmang mga panloob na lugar ng hugasan ng kotse ay limitado sa 35% ng pinakamaraming panloob na pag-okupa.

- Pinakamaraming pag-okupa base sa 35% na limitasyon sa pag-okupa:_____

☐ Ang bilang ng mga empleyado sa lugar ng trabaho ay nilimitahan sa anumang iisang panahon, ng sa gayon ang mga empleyado ay madaling nakapagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa isa't isa sa lahat ng oras na magagawa ito.

Ang pinakamaraming bilang ng mga empleyado sa pasilidad ay nilimitahan sa:

- ☐ Ang teyp o iba pang pangmarka ay inilagay sa hindi bababa sa 6 na talamapakang sukat na layo saanmang lugar kung saan ang mga indibidwal ay maaaring pumila, sa parehong loob ng lugar ng trabaho at labas ng mga pampublikong pasukan nito, na may palatandaan na diniderektahan ang mga empleyado at bisita na gamitin ang mga marka para mapanatili ang distansya.
- ☐ Ang mga kostumer ay mananatili sa kanilang mga kotse habang naghihintay sa pila at para sa tagal ng panahon na hinuhugasan ang kotse kung ito ay isang awtomatikong paghuhugas ng kotse (car wash).
- ☐ Kung ang isang kostumer ay humihiling ng panloob na paglilinis (interior cleaning) at/o pagba-vacuum, ang kostumer ay dapat na umalis sa kotse at maghintay sa lugar ng hintayan (waiting area).
- ☐ Ang lahat ng mga lugar ng hintayan ng kostumer ay binago para siguruhin na ang lahat ng mga kostumer ay magagawang magpanatili ng 6 na talampakang distansya. Sa lahat ng mga lugar kung saan ang mga kostumer ay maaaring makaharap ang mga empleyado o iba pang mga kostumer, dapat na magsuot ang mga kostumer ng isang telang pantakip sa mukha.
- ☐ Ang mga kasangkapan sa bahay sa mga lugar na bukas sa publiko (hal. lugar ng tanggapan o waiting room) ay pinaghiwalay para masuportahan ang pisikal na pagdistansya.
- ☐ Natukoy ng pasilidad na ang mga kostumer na gumagamit ng mga paglilingkod sa sarili na bakyum o iba pang mga paglilingkod sa sarili na estasyon ay napapanatili ang anim na talampakang distansya sa isa't isa. Kung hindi, isinara na ang ilang mga paglilingkod sa sarili na estasyon para lumikha ng mas malaking distansya sa pagitan ng mga kostumer.
- ☐ Ang mga empleyado ay inatasan na mapanatili ang hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa mga kostumer, sa mga bisita, at sa isa't isa; maaaring lumapit ang mga empleyado ng saglit para tumanggap ng bayad, magdeliber ng mga paninda o serbisyo, o kung kinakailangan.
- ☐ Ang plexiglass o iba pang mga pisikal na harang, ay ikinabit sa mga lugar kung saan ang pisikal na pagdistansya ay hindi posible (hal. mga kaha ng pera).
- ☐ Ang mga bintana o counter ng serbisyo sa kostumer (customer service) ay pinaghiwalay ng 6 na talampakan para pahintulutan ang pisikal na pagdistansya.
- ☐ Ang pisikal na distansya sa pagitan ng mga upuan/mesa sa mga silid ng panandaliang pamamahinga at kusina ay dinagdagan para masuportahan ang pisikal na pagdistansya.
- ☐ Ang mga empleyado ay hindi hinihikayat na magtipon-tipon sa anumang lugar, lalong-lalo na sa mga lugar na karaniwang may tao o mga lugar na may maraming tao gaya ng mga silid ng panandaliang pamamahinga, silid-kainan at banyo.
- ☐ Ang mga harapang pagpupulong (in-person meeting) ay mariing hindi hinihikayat pabor sa mga virtual na pagpupulong. Kung ang mga personal na pagpupulong ay kinakailangan, ang mga ito ay lilimitahan sa 10 o mas kaunti ang mga kalahok at lahat ng kalahok ay dapat na magsuot ng mga telang pantakip sa mukha. Ang mga pagpupulong ay ginagawa sa mga silid na sapat ang laki para mapanatili ang pisikal na pagdistansya.

C. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PAGKONTROL NG IMPEKSYON (I-CHECK ANG LAHAT NA NAAANGKOP SA PASILIDAD)

- ☐ Ang HVAC system ay nasa mabuti, gumaganang maayos; hanggang sa maaarig pinakamalayong saklaw, na ang bentilasyon ay nadagdagan. Isaalang-alang ang pagkakabit ng epeektibong mga panlinis ng hangin, pagtaas sa uri ng mga panala ng hangin ng gusali sa pinakamahuhusay hangga't maaari, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang hangin mula sa labas at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo.

- ☐ Ang mga pinagsasaluhang materyales o bagay (hal. tuwalya, mga gamit sa paglilinis, mga hose ng bakyum, atbp.) ay tinanggal, sa abot ng makakaya.
- ☐ Ang paglilinis ng husto sa lahat ng espasyo ng opisina ay regular na ginagawa ng isang propesyonal na serbisyo ng paglilinis.
- ☐ Hanggang sa maaari, ang mga pintuan, basurahan, atbp. ay hindi hinahawakan.
- ☐ Ang mga karaniwang lugar na may tao at madalas na nahahawakang bagay tulad ng mga mesa, mga hawakan ng pinto, mga switch ng ilaw, mga ibabaw ng counter, mga hawakan, mga telepono, mga keyboards, mga pindutin ang mga screens, mga handrails, mga bay guns, mga terminal sa pagbabayad, mga selector ng hugasan na kagamitan, mga makinarya sa pagbebenta at paglilinis, ay regular na dinidisimpekta gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA at sumusunod sa mga instruksyon ng tagagawa para sa paggamit.
- ☐ Ang pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  _____
- ☐ Ang mga sistema sa pagbabayad ng walang kontak ay naisaayos na, kung hindi ito maaari, ang mga sistema sa pagbabayad ay lubos na sina-sanitize ng regular. Ilarawan:

  _____
- ☐ Kung maaari, ang mga lugar ng serbisyo sa kostumer (customer service area) o lugar ng tanggapan (reception area) ay may mga plastik na harang na nakakabit para limitahan ang kontak sa pagitan ng mga empleyado at mga kostumer/bisita.
- ☐ Ang mga lugar na paglilingkod sa sarili (hal. mga hose at nozzle ng bakyum, mga pindutan ng screens, mga kahon ng barya, mga makinarya sa pagbebenta, mga gatilyo/patpat at basurahan) ay minomonitor ng kawani at sina-sanitize ng madalas gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA at sumusunod sa mga instruksyon ng tagagawa para sa paggamit**.**
- ☐ Ang panlabas na detalye ng kotse (exterior detailing) ay pinapayagan sa pamamagitan ng appointment lamang. Ang impormasyon tungkol sa bawat kostumer ay itinatabi sa isang appointment log na sumusubaybay sa pangalan, numero ng telepono, at email address ng kostumer.
- ☐ Sa pagdating sa paghuhugas ng kotse para sa mga serbisyo ng panlabas na detalye, ang kostumer ay imamaneho ang kanilang sasakyan sa itinalagang lugar para sa panlabas na detalye. Ang itinalagang lugar ay may walang kontak na mga basurahan at may sapat na espasyo sa palibot ng sasakyan upang magawa ng empleyadong nagtatrabaho sa sasakyan na mapanatili ang 6 na talampakang distansya mula sa iba pang mga empleyado o kostumer. Hangga't maaari, ang empleyado ay hindi papasok sa kotse at kukunin ng kostumer ang kotse kung saan nila ito iniwan pagkatapos na ang serbisyo ay makumpleto na.
- ☐ Kung ang panloob na detalye ng kotse (interior detailing) at panloob na paglilinis (interior cleaning) ng kotse ay inaalok, ito ay sa pamamagitan ng appointment lamang. Ang impormasyon tungkol sa bawat kostumer ay itinatabi sa isang appointment log na sumusubaybay sa pangalan, numero ng telepono, at email address ng kostumer.
- ☐ Sa pagdating sa paghuhugas ng kotse para sa mga serbisyo ng panloob na paglilinis, ang kostumer ay imamaneho ang kanilang sasakyan sa itinalagang lugar para sa panloob na paglilinis. Ang itinalagang lugar ay may walang kontak na mga basurahan at may sapat na espasyo sa palibot ng sasakyan upang magawa ng empleyadong nagtatrabaho sa sasakyan na mapanatili ang 6 na talampakang distansya mula sa iba pang mga empleyado o kostumer. Iiwan ng kostumer ang kanilang kotse at kukunin ito pagkatapos na ang serbisyo ay makumpleto na.
- ☐ Ang panloob ng paglilinis ay ginagawa ng isang empleyado lamang kada sasakyan para masiguro ang naaangkop na pisikal na pagdistansya. Ang mga empleyado ay gumagamit ng personal na pamprotektang kagamitan (personal protective equipment o PPE) gaya ng minsanang gamit na mga guwantes at kasuotan

at mga pantakip sa mukha. Hangga't maaari, ang sasakyan ay pinapanatiling may mainam na daloy ng hangin (hal., lahat ng mga bintana/pinto ay bukas) sa buong proseso ng paglilinis.

- ☐ Ang anumang PPE na ginagamit para sa panloob na paglilinis ng isang sasakyan ay tinatanggal at itinatapon pagkatapos ng paglilinis at ang empleyado ay maghuhugas ng kanilang mga kamay pagkatapos tanggalin ang mga guwantes at PPE gamit ang sabon at tubig ng hindi bababa sa 20 segundo, o gumagamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alcohol kung walang sabon at tubig na magagamit.
- ☐ Ang mga serbisyo sa pagpapatuyo (towel-dry) ng sasakyan ay inaalok para sa mga serbisyo ng paghuhugas ng panlabas ng sasakyan (exterior wash) lamang; ang mga tuwalya o pamunas ay hindi pinagsasalu-saluhan ng mga empleyado at nilalabahan sa regular na oras.
- ☐ Ang mga kostumer na dumarating sa establisyemento ay pinaaalalahanan na magsuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng oras (maliban habang kumakain o umiinom, kung naaangkop) habang nasa establisyemento o sa nasasakupang lupa ng establisyemento. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matanda at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng pantakip sa mukha ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip sa mukha ay dapat na magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.
- ☐ Ang mga pag-iskrin o pagsusuri ay isinasagawa bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat isama ang isang pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga síntomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.
- ☐ Ang hand sanitizer, sabon at tubig, mga tisyu at mga basurahan ay magagamit sa publiko na nasa pasukan o malapit sa pasukan ng pasilidad, sa tanggapan, at saanman sa loob ng lugar ng trabaho o sa mismong labas kung saan ang mga tao ay may direktang pakikisalamuha.
- ☐ Ang mga silid ng panandaliang pamamahinga, mga banyo, at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay madalas na dinidisimpekta, sa sumusunod na oras:
  - Mga silid ng panandaliang pamamahinga _____
  - Mga banyo _____
  - Iba pa _____
- ☐ Opsyonal-Ilarawan ang iba pang mga hakbang (hal., nagkakaloob ng mga oras para sa mga matatanda lamang):

  _____

D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- ☐ Ang isang kopya ng protokol na ito ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad.
- ☐ Karatula o signage ay ipinaskil na upang magbigay ng malinaw na gabay sa publiko tungkol sa kung paano panatilihin ang kaligtasan sa loob ng pasilidad (hal. pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya, pagsusuot ng pantakip sa mukha, atbp.).
- ☐ Karatula o signage ay ipinaskil sa bawat pampublikong pasukan ng pasilidad para ipagbigay-alam sa lahat ng mga empleyado at kostumer na dapat nilang: Iwasang pumasok sa pasilidad kung sila ay

may ubo o lagnat.

- ☐ Ang mga bilihan sa online ng establisyemento (website, social media, atbp.) ay nagkakaloob ng maliwanag na impormasyon tungkol sa mga oras ng operasyon, kailangang paggamit ng mga pantakip sa mukha, at iba pang may kaugnayang impormasyon.

E. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PANTAY-PANTAY NA PAG AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- ☐ Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kostumer ay binigyang prayoridad.
- ☐ Ang mga transaksyon o serbisyo na maaaring ialok ng malayuan (remotely) ay inilipat sa on-line.
- ☐ Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa mga paninda at serbisyo para sa mga kostumer na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.

Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kabilang sa itaas ay dapat nakalista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaari kang makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pangalan ng Kontak ng Negosyo: _____ **Numero ng telepono:** _____

Petsa na Huling Nirebisa: _____